II

SI MABINI LABAN KAY HEN. LUNA

Na, si Mabini ay may lihim na pagka-suklam o natatagong poot kay heneral Antonio Luna, ay siyang pinatutunayan nĝ limang sulat na ipinadala niya kay Aguinaldo at iminumungkahing ito'y palitan, kung maaari, pagka't umano'y "despota", hindi nakauunawa nĝ kanyang mĝa karapatan at tungkulin at alanĝang maging puno nĝ isang hukbo.

Ang malaking paghahanĝad ni Mabini na mapalitan si heneral Luna ay labis na ipinakikilala nĝ pangyayaring iginawa pa niya nĝ "borrador" o "formulario" si Aguinaldo sa pagtanggap nĝ hinihinĝing pagbibitiw nĝ matapang na heneral.

Kung sa mĝa liham na ipinadala ni Mabini kay Aguinaldo ay marami siyang nasabi laban kay heneral Luna, sa pag-uusap nila nĝ sarilinan ay hindi kataka-takang isipin natin na lalong marami ang kanyang naiparatang.

Nĝayon ay sisipiin ko ang limang sulat niya kay Aguinaldo na may apoy sa itaas at may apoy sa ibaba, kung baga sa inilulutong bibingka. Narito:

Malolos, 28 de Febrero 1899.

M. Presidente:

Nabalitaan ko pong si Luna ay nagrerenuncia sa pagka Director at General en Jefe sa operaciones sa Maynila, dahil sa hindi binigyan nĝ ano mang parusa ang mañga capitanes nĝ compañiang hindi sumunod sa kaniyang utos sa huling ataque sa Maynila.

Napagkikilala na po sa nangyayari na totoong masama ang efecto nĝ ano mang kamambutan: ang nangyayaring iyan ay totoong bunyag hindi lamang sa hokbo kundi sa tawong bayan, at sapagkat di nila nariringig na pinarusahan ang may sala, ay masasabi nĝ

ibang sundalo na walang ano man ang sumuay sa utos nĝ General, samantalang sa ibang nacio'y binabaril. Kun sa manĝa huling ataque ay may ibang compañia na hindi sumunod, at inyong parusahan nĝayon, ay wiwikaing nagparusa kayo sa pagkat hindi taga Kawit ang sundalo. Sa ganitong paraa'y hindi magkakaroon nĝ disciplina kailan man ang ating sundalo.

Dahil sa hindi tinambinĝan nĝ parusa ang abuso nĝ fuerza ni P..... sa Malabon ay inulit nĝayon ang ganito ring abuso sa Polo, kaya't naririto ang Presidente local sa Polo na may kasamang dalawang tawong lamog ang katawan, isa ang Panĝulo sa barrio nĝ Maisan na linooban nĝ pitong pung sundalo ni P..... na nagpahuli sa manĝa lalaki at pinahirapan sa kakukulata.

Wala tayong masasapit pagka tayo'y hindi dinamayan nĝ bayan, kundi ang masupil nĝ ating kaaway. Walang lakas ang ating sundalo kundi bigyan nĝ tulong at abuloy nĝ bayan sa mĝa pagkain at iba pang kailanĝan.

Kayo'y pinagkalooban nĝ prestigio nĝ may Kapal, upang gamitin sa ikahuhusay at ikatitimawa nĝ bayan, na hindi makakamtan ito ay mawawala ang nakuha nĝ prestigio, sa pagka't mapagaaninaw na di tayo maalam gumobierno.

Sa manĝa ganitong kapanĝanihan ay kinakailanĝan ang dictadura militar, hindi upang masupil ang tawong bayan, kundi lalong lalo na ang abuso nĝ manĝa militar na walang makapuputul kundi ang puno.

Kun na sa atin ang baya'y makaaasa tayong di man manalo nĝayo'y, mananalo bukas makalawa: kundi hindi, ay tayo'y na sa pagkalipol. Kun malaki ang panĝanib natin sa americano ay lalong malaki ang panĝanib na nagbabala sa loob dahil sa manĝa abuso na siyang pangagalinĝan nĝ revolucion.

Magotos po kayo sa dating linkod.

AP. MABINI.

o

M. PRESIDENTE:

Marami pong quejang dumating dito dahil sa abuso nĝ General Luna. Nagpabando raw nĝ manĝa nakaraang araw at tinanĝaang ang sumoay sa manĝa iniuutos niya sa bando ay pupusilin nĝ walang sumaria; nagpabaril sa Bocawe nĝ inchic nĝ walang sumaria at nagpabando hangan sa provincia nĝ Pampanga.

Ang pagpusil nĝ walang sumaria ay guinagawa nĝ manĝa sundalo, nĝuni't hindi ibinabando nĝ puno sa isang nación civilizada

kundi sa mañga barbaro; bukod pa'y wala siyang nasasakop kundi ang Polo na kinalalagyan nñ cuartel general at ang mañga bayang nasasakop nñ zona sa Maynila.

Nagtataka ako't ito'y hindi naiintindihan ni Luna; hindi siya makapaguutos sa Bulakan at Pampanga, kundi umopisio sa mañga Jefe militar dito.

Habang siya'y Jefe de operaciones ay hindi siya Director de Guerra at maging Director man ay wala siyang facultades kundi magutos sa oficina at humalili sa Secretario de Guerra kun wala.

Kun hindi nakaiintindi nñ kaniyang facultades ang general, ay ang hindi pa kaya baga!

Mangyari po lamang ipaintindi ninyo sa kaniya ang mañga bagay na ito, nñ huag tayong magkaroon nñ conflicto.

Magotos po kayo,

AP. MABINI

6-Mzo-99.

P. D. Kun mangyayaring halinhan ay lalong mabuti.

Vale.

Malolos, 7 de Marzo de 1899.

M. PRESIDENTE:

Huag na ninyong ialok kay Luna ang Subsecretaria de Guerra na siyang Direccion nñ una, sa pagka't kailañgan dito'y nakaiintindi sa oficina at organizacion nñ Ejercito at ley ukol sa guerra. Baka lamang gulohin ang organizacion ay lalong masama.

Kun siya'y magpilit umuwi sa kanila ay huag na ninyong banguitin ang Subsecretaria at kayo'y mag parang walang anoman at di nakaaalaala.

Kundi bagay sa mando nñ Hokbo ay lalong hindi sa oficina, sa pagkat despota.

Ito'y para ko lamang paalaala; sa pagka't nñ bago pa akong masankap sa Gobierno ay ipinaintindi ko na sa inyo na hindi nakakaintindi nñ organizacion at despacho nñ oficina de Guerra.

Siya'y marunong como quimico at nakakaintindi nñ caunti sa trinchera; nñunit walang afición sa politica at mañga leyes.

Magotos po kayo,

A. MABINI.

M. PRESIDENTE:

Segurong ipinakita na sa inyo ni Sr. Vales kagabi ang sulat ni Arquiza galing sa la Laguna. May sulat din akong tinangap sa isang Abogadong taga Pateros na naninira ngayon sa Sta. Cruz na ganito rin ang sabi. Di umano'y ang Jefe provincial ay di makapagpasiya gawa na si Sr. Benitez como Representante ay inviolable.

May sulat ding tinangap ang kasama ko sa oficina kay Dn. Vicente Reyes; baga ma't ito'y hindi nagsasabi ng ano man tungkol diyan ay nasasabi sa sulat ang ganitong salita: Ayon sa mangá balitang dala ng mangá tawong nakainom sa mabuting bukal, ay bobombardeahin ng americano ang Dagupan at dedesembarco doon. Dahil dito'y dadating na ang mangá lanchang ipinagawa sa Hongkong at siyang ipapasok sa la Laguna. Kun makuha ang Dagupan ay pagtatagupan tayo ng fuerzang Maynila at fuerzang Pangasinan. Tuloy bobombardeahin ng mangá lancha ang buong baybayin ng la Laguna.

Ito raw ang balitang dala doon: kaya baga ma't di sinasabi kun sino ang nakainom ng balitang ito sa mabuting bukal, ay sa mangá sulat na ibang tinangap ay mapagkukuro na.

Akala ko po'y hindi dapat pabayaan ang desembarco ng Americanos sa Sto. Tomas (Union), kundi pagpilitang ng pirmi ng mga Jefe sa Pangasinan at Union. Pag nakakuha ng posisiones ang Americano sa bandahing iyon, ay pagsasagupan ng ataque sa kati at dagat ang Dagupan.

Ipinadadala ko po sa inyo ang telegrama sa akin ni Luna, at pati ng borrador ng aking sagot. Kayo po ang magdidisposicion sa kaniyang dimision irrevocable. Ipinadala ko sa Secretario de Guerra ang isang orden general upang ipagbigay cuenta sa inyo. Sa ordeng ito ay sinasabi ang atribuciones at Jurisdiccion ng General en Jefe del operaciones sa palibot ng Maynila.

Sa pagkat irrevocable ang dimision ni Luna, kailangan pong magnombra kayo ng iba, at kailangan din naman na ibigay ninyo ang direccion ng obra de defensa sa dako dito ng Polo kay Dn. Ambrosio como Jefe ng inyong Estado Mayor, ng huag magkaroon mamaya ng rozamientos at disgustos.

Inilagda ko pa sa mababa ang borrador ng aceptacion ng dimision ni Luna, baka sakaling hindi pa ninyo nagagawa at minamabuting tangapin. Kayo po ang bahala at magotos sa duting linkod.

AP. MABINI

7 Marzo 99.

Vista dimision irrevocable presentada de su cargo, me veo obligado a aceptarla, aunque con pesar, pues reconozco sus meritos y grandes servicios a la Patria, que procurare no olvidar. En su virtud sirvase entregar mando al General..... y al darle las gracias en nombre de la Republica por sus servicios, ruegole cuente siempre con mi sincera amistad.

P. D. Akala ko tungkol sa kay Sr. Benites, ay dapat ipagutos sa Jefe provincial na siya'y paparitohin at pasamahan sa tawong de confianza, hari nangang madala dahil sa kahirapan nǧ daan sa pagparito.

Vale.

M. PRESIDENTE:

Ypinatatalastas ko po sa inyo na si Don Baldomero ay nagpupumilit maalis sa Secretaria de Guerra, sa pagkat malapit daw magkasira sila ni Gral. Luna at di malayong siya'y mapahamak dahil sa manǧa denunciang dumarating sa kaniya. Sa pakiramdam ko po kay Don Baldomero ay kailangan na inyong payagan nang magkapalit sila ni Don Mariano Trias, paris nǧ hinihinǧi niya, sa pagkat kundi man magkasira ang dalawa ay pangagalingan nǧ manǧa sigalot na makahahadlang sa pakana nǧ isa't isa at makasisira sa ating linalayon.

Tungkol po sa akin at sa ibang Secretario, bagamat nakikita naming ang General Luna ay di sumasanguni o nagbibigay alam man lamang sa gobierno sa ano mang pakana, ay pinararaan na ang lahat hari na nǧang siyang makapagbanǧon nǧ ating puri paris nǧ inyong inaasahan nǧ siya'y inyong ihalal. Sa ibang panahon ay ang bagay na ito'y dapat ipagrenuncia nǧ mǧa Secretario; nǧuni't kami nagpipiguil nǧ huag nǧ ikadagdag nǧ manǧa kahirapang tatawirin nǧ ating bayan.

Sa pagka't kasakit-sakit ang nangyayari, kun mapaigui ay sariling-sarili niya ang kapurihan, na ninanasa kung makamtan niyang lubos; nǧuni't kun mapasama, kun ang manǧa pakana niya'y pangalingan nǧ kasiraan, ay sa amin ang sisi, sapagkat binayaan namin. Kun ang ating gobierno ay dictadura at hindi constitucional, ay mangyayari pa, sa pagka na sa inyo ang boong pananagot; nǧunit anaki di dapat na baguhin natin nǧayon ang forma de gobierno, baka akalain nǧ manǧa Potencia at maniwala sa Americano na nǧ makuha nila ang Malolos ay nawasak ang ating gobierno.

Hindi na po namin hinahanǧad na siya'y sumanguni sa gobierno bagay sa plan at disposiciones na dapat niyang gawin sa laban;

kundi ipagbigay alam man lamang ang mañga pakanang kaniyang dapat gawin tungkol sa mañga tawong namamayan, sa mañga extrangero at iba pang bagay na nauukol sa tinatawag na politica de la guerra. Sapagkat sa bagay na ito, at gayon din naman sa organizacion ñg fuerzas at reclutamiento ñg mañga kawal, ay dapat makaalam ang gobierno yayamang siyang nañgañgasiwa sa mañga armamentos at provisiones. Sa politica de la guerra ay di mananagot ang Jefe de Operaciones, kundi ang Gobierno; kaya siya'y dapat manunod sa mañga instrucciones na dapat tangapin.

Tumangap po kami ñg comunicaciong galing sa Iloilo ñg Gral. Martin Delgado at Francisco Soriano na inyong Comisionado. Ang sabi nitong Soriano ay ang fuerza ni Diokno ay walang guinawa kundi mañgagaw at mañguha ñg salapi ñg ataquehen ñg americano ang plaza de Iloilo, hangan sa nagkakambabali ang pusil ñg mañga kawal na guinagawang balagwitan ñg mañga ninakaw na salaping dinala sa Capiz. Ang fuerza raw na ito'y bukod sa naayaw lumaban sa Americano ay naayaw namang magbigay ñg fusil sa mañga nalaban at ayaw pang patulunñin ang Capiz sa mañga taga Iloilo na siyang nagmamantini sa lahat ñg fuerza, pati ñg kay Diokno na dumayo doon.

Ang sabi ñg Gral. Delgado ay ñg once de Febrero ay inataque ñg Americano ang plaza de Iloilo at sa pagkat umurong ang fuerza ni Diokno at Araneta ay nakuha ñg Americano hangan sa kinabukasan pati ñg Jaro at Molo. May dalawang daan ang baja ñg kaaway at sa ating naman ay may tatlongpu. Ang kaniya raw Cuartel General ay na sa bayan ñg Sta. Barbara; ang fuerza niya ay may tatlong libo, barilan ang kalahati at sandatahan ang iba, at sa barilang ito ay ang limang daan ay naaayaw sa Capiz, Concepcion at Antique. Siya raw ay nagtitipon pa ñg tawo, kaya humihiñgi ñg fusil at kun wala ay ipagutos kay Diokno na ibigay sa kaniya ang iba. Si Diokno daw at si Araneta, ay kumikilalang puno sa kaniya, sa pagkat nakitang ang Iloilo, Jaro at Molo ay nakuha ñg Americano, sa pagkat naayaw sumunod sa kaniyang utos at nagsisiurong.

Dumating po naman dito ang isang paring paisano si M. Pascual Reyes na galing daw sa Cebu at sinasabi na sa Leyte ay nagaabuso ang General Lukban at para raw lamang pantalia ang Coronel Mojica. Sa Cebu daw ay magulo din, sa pagkat di nagkakatuno ang Jefe Militar Magilom at ang bayan. Ang sabi sa akin ay mayroon kayong proclamang Americano: baka mangyayaring inyong mapadalhan ako ñg copia, upang masagot kun baga't kailañgan.

Magutos po kayo sa dating linkod,

AP. MABINI.

3 de Abril 1899.

Sabihin na ang ibig sabihin, sa mga liham na iyan ay talagang mapaghahalatang si Mabini ay naging kaaway na lihim ni heneral Luna. Hindi na kinakailangang pagtalunan ang bagay na ito pagka't maliwanag na mababasa sa nilalaman ng mga sulat niya kay Aguinaldo.

Nguni't kung bakit kay daling nagbago ng kanyang kuru-kuro at hindi lamang di kinatigan at ipinagtanggol si Aguinaldo sa mahiwagang pagkamatay ni hen. Luna, na hindi naman matiyak kung sino ang tunay na may kasalanan, kundi pinakatuligsa pa nga sa kanyang La Revolucion Filipina, na sinulat niya sa kastila at ingles, ay siyang kinakailangang pag-aralang mabuti at suriin ng mga bantug nating mananalaysay.

Maaaring nagtatago iyan ng malaking hiwaga. Talaga.